Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG DISYEMBRE 3, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:05 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT | ......... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | ......... | Kagawad |
| Kgg. Ramon D. Tan | ......... | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas | ......... | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca | ......... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ......... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ......... | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ......... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Laura P. Obligacion | ......... | Kagawad – nasa lakad opisyal |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ......... | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit | ......... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

### KAPASIYAHAN BLG. 172-T'07

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 41-T'07/ KAUTUSAN BLG. 7-T'07 NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY NG MALINAO NA NAGPAPATIBAY SA KARAGDAGANG BADYET NG NABANGGIT NA BARANGAY NA MAY KABUUANG HALAGANG ANIMNAPU'T TATLONG LIBO, DALAWANG DAAN LIMAMPU'T WALONG PISO (P63,258.00).**

**SAPAGKA'T**, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 41-T'07/ Kautusan Blg. 7-T'07 ng Sang. Brgy. ng Malinao na naglalayong makapagdagdag ng badyet ng barangay na nagkakahalaga ng P63,258.00;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing halaga na ilalaan para sa 20% pondong pangkaunlaran - gamot (P8,951.60); 10% para sa Sang. Kabataan – Peace and Order (P4,475.80); 5% para sa Calamity fund (P2,237.90); Cash Gift (P47,592.70) ay magmumula sa karagdagang IRA (Internal Revenue Allotment) para sa taong kasalukuyan na may halagang P44,758.00 at hindi nagamit na Honorarium ng Bookkeeper na nagkakahalaga ng P18,500.00;

**SAPAGKA'T**, ang nasabing karagdagang badyet ng Brgy. Malinao ay dumaan sa pagsusuri ng mga kasapi ng Pambayang Lupon sa Pananalapi.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Ramon D. Tan at Romulo A. Elca at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 41-T'07/ Kautusan Blg. 7-T'07 ng Kgg. Sangguniang Barangay ng Malinao na nagpapatibay ng karagdagang badyet ng nabanggit na barangay na may kabuuang halagang P63,258.00.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Pinuno sa Badyet at Sang. Brgy. Malinao, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Maria Luisa F. Jolo
**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumanap na Kalihim

NAGPATOTOO:

Alan T. Pamatmat
**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan